



DIOCESE OF OAKLAND
2121 Harrison Street, Suite 100, Oakland, CA 94612-3788
510-893-4711 Fax 510-893-0945 www.oakdiocese.org

Ika-17 ng Enero, 2021

PAHAYAG SA KATARUNGANG PANLAHI (“RACIAL JUSTICE”)

Ang Lubhang Kagalang-galang, Michael C. Barber, S.J., Obispo ng Oakland,
at ang “Task Force” para sa Katarungang Panlahi ng Diyosesis ng Oakland

Alinsunod sa “Executive Committee - U.S. Conference of Catholic Bishops” noong 2017:

Nararapat ang tawag sa kapuotang panlahi o rasismo (“racism”) bilang orihinal na kasalanan ng Amerika. Ito ay nananatiling babid sa ating buhay at patuloy na nagdudulot ng mga aksyon at pag-uugali ng pagkapoot, tulad ng napatunayan sa kamakailang mga kaganapan. Ang pangangailangan na kondenahin at labanan ang mga ideolohiyang “white supremacy”, “neo-Nazism” at rasismo ay naging lalong kagyat ngayon. Ang ating mga pagsisikap ay dapat na patuloy na patnubayan at samahan ng dasal; at nararapat ding lapatan ng kongkretong pagkilos.

Ang pagpatay sa mga Aprikanong Amerikano (“African-American women and men”) nitong nakaraang taon ay nagpatibay ng pangangailangan para sa lahat ng mga Amerikano na labanan ang “systematic oppression” at rasismo. Ang tinig na nangibabaw bilang bahagi ng mga talakayan patungkol sa “Black Lives Matter” ay nagpapa-alaala sa atin na ang mga Aprikanong Amerikano at ang lahat ng taong nabibilang sa iba’t ibang lahi at kultura (“people of color”) ay patuloy na napipinsala ng “structural racism”, kawalan ng oportunidad, hindi pagkakapantay-pantay sa usaping kalusugan at kayamanan, at direktang karahasan na nagagawa mismo nilang dapat ay nangangalaga ng ating mga pamayanan – kabilang na rito ang iba’t ibang mga sagrado, sekular, pampubliko at pribadong istruktura.

Kinikilala ng Diyosesis ng Oakland na marami pa itong dapat gawin upang matugunan at wakasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay na ito. Gabay ng aming paniniwala sa Diyos at sa katotohanang tayo ay kanyang mga natatanging nilikha, ang Diyosesis ng Oakland ay handang maging tagapagtaguyod ng makabulugang pagbabago (“agent of significant change”) para ipaglaban ang katarungang panlahi at panlipunan (“racial and social justice”). Habang pinagsisikapan naming tiyakin na ang lahat ng taong nabibilang sa iba’t ibang lahi at kultura ay nabibigyan ng pantay na mga karapatan at pribilehiyo katulad ng naaatas sa lahat, mulat sa kasaysayan ng pang-aapi sa mga Aprikanong Amerikano sa bansang ito at sa loob ng Diyosesis mismo, sinisimulan namin ang pinag-ibayong pangako na may paunang pagtuon sa pinagsama-samang negatibong karanasan ng ating mga kapatid na Aprikanong Amerikano.

Amin ding nauunawaan na ang isyu ng katarungang panlahi at panlipunan ay maselan at nangangailangan ng malalimang pagninilay at agarang pagtugon. Sa mga darating na buwan, papayuhan at tutulungan ng “Task Force” ang ating Obispo sa mga sumusunod na bagay:

- Edukasyon
- Pangangalagang Pastoral (“Pastoral Care”)
- Katarungang Panlipunan

“Kapag sinimulan nating iibukod ang mga tao sa hindi makatarungang mga kadahilanan; kapag sinimulan nating tignan ang iba bilang ‘sila’ at ang ilan bilang ‘kami’, bigo tayong magmahal. Gayunpaman, ang pag-ibig ay [nasa] puso ng buhay Kristiyano.”

“Ang rasismo ay isang problemang moral na nangangailangan ng isang lunas sa moralidad mismo – ang pagbabago ng puso na pupukaw sa atin para kumilos.” (*Pinagmulan: “Open Wide Our Hearts”, pahina 20*)